

IHS Markit ASEAN Manufacturing PMI™

Lalong gumanda ang mga kundisyon sa manufacturing noong Nobyembre

Mga pangunahing nalaman

Nanatili ang PMI sa expansion territory na 52.3

Nanatiling malapit sa survey record ang bilis ng paglaki ng output dahil sa pagdami ng bagong trabaho

Pinakamabagal na pagbaba ng employment simula noong Hunyo

Kinolekta ang data noong Nobyembre 12-24, 2021.

Pagkatapos ng pagbbalik sa growth noong Oktubre, ang manufacturing sector ng ASEAN ay nanatili sa expansion territory noong Nobyembre, ayon sa pinakabagong data ng IHS Markit Purchasing Managers' Index (PMI™). Dumami pa ulit ang output at mga bagong order, at nanatiling malapit sa mga kamakailang peak ang bilis ng pagdami bagama't bumagal ito nang kaunti, habang nagbawas ang mga kumpanya ng mga tauhan nang pinakamabagal sa loob ng limang buwan.

Ang headline PMI ay lumampas sa 50.0 mark nang ikalawang buwang sunod-sunod noong Nobyembre. Ang pinakabagong reading ay mas mababa sa survey high na 53.6 noong Oktubre, at naging 52.3 noong Nobyembre, gayunpaman ay nagsaad pa rin ito ng isa sa pinakamabilis na pagbawi sa mga kundisyon ng manufacturing sa ASEAN na naitala.

Muling naging malawakan ang pag-unlad sa pitong bansang bumubuo sa ASEAN, maliban sa Myanmar. Naitala ng Indonesia ang pinakamabilis na rate of expansion, kung saan inihudyat ng PMI (53.9) ang mabilis na pagganda ng mga kundisyon sa manufacturing. Nakapagtala rin ng expansion sa Malaysia na halos naging pinakamataas sa record, kung saan ang headline index ay umabot sa ikalimang pinakamataas sa record na 52.3, at hudyat ng solidong pag-unlad sa pangkalahatan.

Vietnam at Pilipinas noong Nobyembre. Sa una, ang PMI ay umabot sa 52.2 na pinakamataas sa loob ng anim na buwan, habang ang headline index naman para sa Pilipinas (51.7) ay naging pinakamataas simula noong Marso at naghudyat ng kaunting pagganda ng mga kundisyon ng pagnenegosyo.

Gayundin, ang Singapore ay nakapagtala ng tuloy-tuloy na pagganda ng kalagayan ng manufacturing sector nito sa gitna ng ikaapat na quarter. Ang PMI (52.2) ay naging pinakamababa sa loob ng tatlong buwan, gayunpaman ay naghudyat pa rin ito ng kaunting expansion sa pangkalahatan.

Nanatili rin ang growth footing ng Thailand noong Nobyembre, bagama't bumaba sa 50.6 ang headline index para maghudyat ng kaunting pagganda ng kalagayan ng sektor.

ipinagpatuloy...

ASEAN Manufacturing PMI

sa, >50 = pag-unlad mula noong nakaraang buwan



Pinagkunan: IHS Markit.

Komento

Hinggil sa mga resulta ng pinakabagong survey, sinabi ni Lewis Cooper, Ekonomista sa IHS Markit, na:

"Nagtala ang data ng Nobyembre ng mas magagandang trend sa buong manufacturing sector ng ASEAN. Nanatili ang PMI nang lampas sa 50.0 mark para maghudyat ng muling pagganda ng mga kundisyon sa manufacturing, na sinuportahan ng dagdag na paglaki ng produksyon sa pabrika, kung saan bumagal lang nang kaunti ang pagkalki ng output kumapra sa survey record noong Oktubre.

"Gumanda rin ang mga kundisyon ng demand noong Nobyembre, na nakita sa sunod-sunod na pagdami ng mga bagong order. Gayunpaman, kapansin-pansing bumagal ang pagdami ng bagong trabaho noong buwang iyon dahil na rin sa muling pagliit ng mga volume ng export order book.

"Gayundin, sa pitong kasaping bansa, Myanmar lang ang nakaranas ng paghina ng mga kundisyon ng manufacturing noong Nobyembre. Gayunpaman, naging pinakamabagal ang contraction simula noong Enero. Sa ibang dako, nanatiling malawakan ang pag-unlad, at naitala ng Indonesia at Malaysia ang pinakamabilis na pagganda ng mga kundisyon ng manufacturing.

"Sa pangkalahatan, ang pinakabagong data ay nagpakita ng magagandang senyas, at patuloy na nakabawi ang manufacturing sector ng ASEAN, at ang mga bilis ng paglaki ng output at bagong trabaho ay nanatiling malapit sa mga kamakailang peak ng mga ito."

Panghuli, nanatiling naiiba ang Myanmar sa trend noong Nobyembre. Nanatiling mas mababa ang PMI sa neutral na 50.0 level na naghuhudyat ng paghina ng mga kundisyon nang labinlimang buwang sunod-sunod, pero naging pinakamataas ito simula noong Enero. Ang pinakabagong figure na 46.7 ay naghudyat ng medyo mabagal na paghina.

Sa pangkalahatan, patuloy na nakabawi ang ASEAN manufacturing sector noong Nobyembre. Tumaas ang output nang ikalawang buwang sunod-sunod, at bumagal lang nang kaunti ang rate of expansion kumpara sa survey record ng Oktubre sa gitna ng tuloy-tuloy na pagdami ng mga bagong order. Gayunpaman, kapansin-pansing bumagal ang paglaki ng order book kumpara sa record na bilis ng paglaki na naitala noong Oktubre, dahil na rin sa tuloy-tuloy na pagbaba ng mga export order.

Patuloy na pinaigting ng mga goods producer ang kanilang aktibidad ng pamimili sa Nobyembre. Bumagal lang nang kaunti ang paglaki, kumpara sa kamakailang peak ng Oktubre at naging mabilis ito sa pangkalahatan. Samantala, ang mga pre-production inventory ay lumaki nang tatlong buwang sunod-sunod.


Gayundin, nanatiling naging malakas ang mga capacity pressure kumpara sa nakaraan, na nakita rin sa paglaki ng mga backlog ng trabaho at naging pangatlong pinakamabilis na naitala. Gayunpaman, patuloy na nagbawas ng mga tauhan ang mga kumpanya noong Nobyembre, bagaman naging pinakamabagal ang pagbaba ng employment sa loob ng limang buwan at naging bahagya lang ito.

Nagsaad din ang data ng Nobyembre ng tuloy-tuloy na mga isyu sa supply. Muling humaba ang mga lead time para sa mga input, bagaman naging pinakakaunti ang mga delay simula noong Abril. Gayunpaman, nakita ulit ang mga kakulangan ng supply sa mga gastusin ng mga kumpanya noong Nobyembre, at naging isa sa pinakamabilis sa record ang rate ng input price inflation, bagama't bumagal ito nang kaunti. Tumaas ang mga singil sa factory gate nang pinakamabilis simula noong Oktubre 2013 bilang resulta.

Manufacturing PMI

Indonesia / Malaysia / Myanmar / Pilipinas
Singapore / Thailand / Vietnam

sa, >50 = pag-unlad mula noong nakaraang buwan



Pinagkunan: IHS Markit.

Makipag-ugnayan

Lewis Cooper
Economist
IHS Markit
Telepono: +44 1491-461-019
lewis.cooper@ihsmarkit.com

Joanna Vickers
Corporate Communications
IHS Markit
Telepono: +44-207-260-2234
joanna.vickers@ihsmarkit.com

Pamamaraan

Ang IHS Markit ASEAN Manufacturing PMI™ ay kinakalap ng IHS Markit mula sa mga tugon sa mga buwanang questionnaire na ipinapadala sa mga purchasing manager sa mga panel ng mga manufacturer sa Indonesia, Malaysia, Myanmar, Pilipinas, Singapore, Thailand at Vietnam, na may kabuuang nasa 2,100 manufacturer. Ang mga bansang ito ay kumakatawan sa 98% ng ASEAN manufacturing value added*. Ang mga panel ay hinahati-hati ayon sa detalyadong sektor at laki ng lakas-paggawa ng kumpanya, batay sa mga kontribusyon sa GDP.

Kinokolekta ang mga tugon sa survey at sinasalamin nito ang direksyon ng pagbabago kumpara sa nakaraang buwan. Kinakalkula ang isang diffusion index para sa bawat survey variable. Ang index ay ang kabuuan ng porsiyento ng mga tugong 'mas mataas' at kalahati ng porsiyento ng mga tugong 'hindi nabago'. Ang index ay maaaring maging 0 hanggang 100, at ang isang reading na mas mataas sa 50 ay nagsasaad ng pangkalahatang pagtaas kumpara sa nakaraang buwan, at ang mas mababa sa 50 ay pangkalahatang pagbaba. Ang mga index ay ina-adjust ayon sa season. Ang mga ASEAN index ay kinakalkula sa pamamagitan ng sama-samang pagsusukat ng mga national index. Ang mga weight ng bansa ay kinakalkula ayon sa taunang manufacturing value added*.

Ang headline figure ay ang Purchasing Managers' Index™ (PMI). Ang PMI ay isang weighted average ng sumusunod na limang index: Mga Bagong Order (30%), Output (25%), Employment (20%), Delivery Times ng Mga Supplier (15%) at Mga Stock ng Pagbili (10%). Para sa pagkalkula ng PMI, ini-invert ang Index ng Delivery Times ng Mga Supplier nang sa gayon ay gumagalaw ito patungo sa isang katulad na direksyon kumpara sa ibang mga index.

Hindi nirerevisa ang batayang data ng survey pagkatapos ng publikasyon, ngunit maaaring paminsan-minsang irebisa ang mga pana-panahong salik ng pagsasaayos kung naaangkop, na makakaapekto naman sa serye ng data na pana-panahong isinasaaayos.

Ang data ng Nobyembre 2021 data ay kinolekta noong Nobyembre 12-24.

Para sa dagdag na impormasyon sa pamamaraan ng PMI survey, makipag-ugnayan sa economics@ihsmarkit.com.

*Pinagkunan: World Bank World Development Indicators.

Disclaimer

Ang mga karapatan sa intelektwal na pag-aari sa data isinaad dito ay pagmamay-ari ng, o nakalisensya sa, IHS Markit. Ang anumang hindi awtorisadong paggamit sa anumang lumalabas na data, kabilang ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, pagkopya, pamamahagi, pagpapadala o iba pang paraan na tulad nito ay hindi pinapahintulutan kung wala itong paunang pahintulot mula sa IHS Markit. Hindi magkakaroon ng anumang pananagutan, responsibilidad o obligasyon ang IHS Markit para sa, o kaugnay ng, content o impormasyon ("data") na makikita rito, sa anumang pagkakamali, hindi wastong impormasyon, pagbabawas o pagkaantala sa data, o para sa anumang hakbang na isinagawa batay sa mga ito. Sa kahit na anong sitwasyon, hindi mananatag ang IHS Markit para sa anumang mga pinsalang espesyal, insidental o bunga ng hindi pagsunod sa kontrata, na magreresulta sa paggamit ng data. Ang Purchasing Managers' Index™ at PMI® ay mga nakarehistrong trade mark ng Markit Economics Limited o nakalisensya sa Markit Economics Limited. Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito.

Tungkol sa IHS Markit

Ang IHS Markit (NYSE: INFO) ay isa sa nangunguna sa paghahatid ng mahahalagang impormasyon, analytics, at mga solusyon para sa malalaking industriya at merkado na nagpapakita sa ekonomiya sa buong mundo. Naghahatid ang kumpanya ng mga pinakabagong impormasyon, analytics at solusyon sa mga customer sa larangan ng negosyo, pampinansyal at pamahalaan, na nagpapahusay sa kanilang pangangasiwa at nagbibigay ng kapaki-pakinabang na kaalamang nagreresulta sa mga matalino at pinag-isipang pasya. May mahigit 50,000 customer sa mga negosyo at pamahalaan ang IHS Markit, kabilang ang 80 porsiyento ng mga kumpanya sa Fortune Global 500 at ang mga nangungunang pampinansyal na institusyon sa buong mundo.

Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito. Ang lahat ng iba pang kumpanya at pangalan ng produkto ay maaaring mga trademark ng mga may-ari ng mga ito © 2021 IHS Markit Ltd. Nakalaan ang lahat ng karapatan.

Kung hindi mo gustong makatanggap ng mga balita mula sa IHS Markit, mangyaring mag-email sa joanna.vickers@ihsmarkit.com. Upang mabasa ang aming patakaran sa privacy, mag-click [dito](#).

Tungkol sa PMI

Available na ngayon ang Purchasing Managers' Index™ (PMI®) sa higit sa 40 bansa pati na rin sa mga pangunahing rehiyon gaya ng Eurozone. Ang mga survey sa negosyo na ito ay ang mga pinakasinasubaybayan sa mundo, na pinapaboran ng mga bangko sentral, pampinansyal na merkado at ng mga taong gumagawa ng mga pangnegosyong pagpapasya nang dahil sa kakayanan nitong magbigay ng napapanahon, tumpak at madalas ay natatanging mga indicator ng mga paggalaw sa ekonomiya. Upang matuto nang higit pa, pumunta sa ihsmarkit.com/products/pmi.html.